BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGLALABAS: Agosto 1, 2022
CONTACT: Erin DeMerritt, 415-517-4147

Programang Climate Tech Finance ng Distrito ng Hangin, popondohan ang mga solusyon sa seguridad at pag-iilaw para mapalitan ang mga generator na pinapagana ng diesel

SAN FRANCISCO - Naggawad ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) ng garantiya sa loan sa King Solarman, isang provider ng mga smart na solar generator sa California. Papalitan ng mga produkto nila ang malalakas at lumang generator na pinapagana ng diesel na ginagamit para sa mga mobile na light tower at surveillance station.

Ang mga off-grid na ilaw at generator ng King Solarman ay nagbibigay ng pinapagana ng araw na panseguridad na pagsubaybay sa pamamagitan ng sound at video footage na sino-store sa cloud at puwedeng masubaybayan nang real time. Pinapahusay ng mga unit ang seguridad sa pamamagitan ng pag-abiso sa mga may-ari ng ari-arian tungkol sa mga paggalaw at iba pang aktibidad na nakunan sa video. Madalas na ginagamit ang mga unit sa mga construction site at iba pang lokasyon kung saan walang access sa kuryente, at dapat palitan ang mga tradisyonal na generator na gagamitin kapag hindi available ang kuryente. Matagumpay nang na-deploy ang teknolohiyang ito sa Bay Area.

“Ang equipment na gumagana sa renewable na enerhiya ay isang matalinong alternatibo sa mga fossil fuel-powered na generator na nagpapalubha sa kalidad ng hangin at naglalabas ng mga gas ng greenhouse,” sabi ni Veronica Eady, senior deputy na tagapagpaganap na opisyal sa patakaran at pagkakapantay-pantay sa Distrito ng Hangin. “Nasasabik na kaming suportahan ang paggamit ng mga teknolohiya na nagbibigay ng mga praktikal na alternatibo sa mga outdated na system, maganda para sa klima, at nakakabawas sa mga nakakasamang emisyon sa ating hangin.”

Ang garantiya sa loan na ito ay ang pinakabagong proyekto sa ilalim ng programang Climate Tech Finance ng Distrito ng Hangin. Sa pakikipagtulungan sa California Infrastructure Economic Development Bank (IBank) at Northern California Financial Development Corporation, pinangunahan ng team ng Climate Tech Finance ang isang kwalipikasyon ng teknolohiya, epekto ng pagkakapantay-pantay sa lipunan, at pagsusuri ng greenhouse gas, kung saan natukoy na kwalipikado ang King Solarman para sa milyun-milyong dolyar na garantiya sa loan. Sinuportahan ng garantiya sa loan na ito ang King Solarman sa pagkuha ng linya ng credit sa Farmers & Merchants Bank, nang may financing na isinaayos ng Meridian Commercial Finance Consultants LLC.

“Sa mga garantiya sa loan sa Climate Tech ng IBank, nagiging posible sa mga kumpanya tulad ng King Solarman na magkaroon ng access sa financing na kailangan nila para mag-deploy ng maaasahang solusyon sa malinis na enerhiya,” sabi ni Scott Wu, tagapagpaganap na direktor ng IBank. “Ipinagmamalaki naming maging katuwang ulit ang Distrito ng Hangin at Northern California Financial

Development Corporation para suportahan ang mga subok nang teknolohiya na bumubuo at nagpapatuloy ng mas malinis na kapaligiran para sa lahat ng Californian.”

Pangunahing prinsipyo ng programang Climate Tech Finance na suportahan ang mga makabagong proyekto sa klima, at sa pagsusuri ng greenhouse gas ng Distrito ng Hangin, natitiyak na nababawasan ng mga bagong teknolohiya ang mga panandalian at pangmatagalang emisyon ng greenhouse gas. Nagbibigay ang garantiya sa loan ng Climate Tech Finance ng pagpapalaki ng credit na sumusuporta sa pag-manufacture ng mga pinapagana ng araw na produkto ng King Solarman, para matugunan ang tumataas na demand para sa mga customer na nangangailan ng mapagkakatiwalaang solusyon sa kuryente. Tinataya na mababawasan ng mga proyekto ng King Solarman ang 688 metric tons ng carbon dioxide na katumbas na emisyon kada taon sa California, sa pamamagitan ng pag-aalis ng paggamit ng mga diesel generator, at samakatuwid ay pagbabawas ng mga nakakapinsalang emisyon ng particulate matter.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900
Homepage ng Air District | *Mga Inilabas na Balita*